

# Gabay sa Gumagamit ng Nokia 2310

## PAHAYAG NG PAGSUNOD

Ngayon, ipinapahayag ng NOKIA CORPORATION, na ang produktong ito na RM-189 ay sumusunod sa mga mahahalagang pangangailangan at iba pang mga naaangkop na tuntunin ng Directive 1999/5/EC.

Ang isang kopya ng Pahayag ng Pagsunod ay matatagpuan sa [http://www.nokia.com/phones/declaration\\_of\\_conformity/](http://www.nokia.com/phones/declaration_of_conformity/).

# CE 0434

Copyright © 2006 Nokia. Nakareserba ang lahat ng karapatan.

Ang pagkokopya, paglilipat, pamamahagi o pag-iimbak ng bahagi o lahat ng nilalaman ng dokumentong ito sa anumang anyo nang walang nakasulat na pahintulot ng Nokia ay ipinagbabawal.

US Patent No 5818437 at iba pang mga nakabimbing patente. T9 text input software Karapatang-kopya © 1997-2006. Tegic Communications, Inc. Nakareserba ang lahat ng karapatan.

Ang Nokia at Nokia Connecting People ay mga trademark o rehistradong trademark ng Nokia Corporation. Ang ibang mga pangalan ng produkto at kompanya na binanggit dito ay maaaring mga markang-kalakal o tatak-kalakal ng mga nag-aari sa mga ito.

Ang Nokia tune ay isang tunog na tanda ng Nokia Corporation.

Patakaran ng Nokia ang patuloy na pagpapaunlad. Nasa Nokia ang karapatang gumawa ng mga pagbabago at pagpapahusay sa alinmang produktong inilarawan sa dokumentong ito nang walang paunang paunawa.

Hindi kailanman dapat managot ang Nokia sa anumang pagkawala ng data o kita o anumang espesyal, nagkataon, idinulot o di-tuwirang mga pinsala anuman ang naging dahilan.

Ang mga nilalaman ng dokumentong ito ay ipinagkakaloob bilang "as is". Maliban kung iniaatas ng angkop na batas, walang anumang uri ng garantiya, ipinahayag man o ipinahiwatig, kabilang ang, pero hindi limitado sa, ipinahiwatig na garantiya ng kakayahang maibenta at kaangkupan sa isang partikular na layunin, ang ginawa na may kaugnayan sa katumpakan, pagiging maaasahan o mga nilalaman ng dokumentong ito. May karapatan ang Nokia na baguhin ang dokumentong ito o bawiin ito sa anumang oras nang walang paunang paunawa.

Kung makukuha o hindi ang mga partikular na produkto ay depende sa rehiyon. Mangyaring itanong sa Nokia dealer na pinakamalapit sa inyo.

Ang kagamitang ito ay maaaring magtaglay ng mga kalakal, teknolohiya o software na napapailalim sa mga batas sa pagluwas at mga regulasyon mula sa Estados Unidos at ibang mga bansa. Ang paglihis na kontra sa batas ay ipinagbabawal.

# Talaan ng mga nilalaman

<b>Para sa iyong kaligtasan... v</b>	
Ukol sa iyong aparato .....	ix
Mga Serbisyong Pang-Net- work o Network Services.....	x
<b>Pangkalahatang Impormasyon .....</b>	<b>xii</b>
Access code, mga .....	xii
Pinaghahatiang memorya. ....	xiii
Impormasyon sa suporta ng at pagkontak sa Nokia.....	xiv
<b>1. Pagsisimula .....</b>	<b>1</b>
I-install ang SIM card at ang baterya .....	1
Pagkarga ng baterya.....	3
Pagbukas at pagsara .....	4
Mga pindutan at piyesa .....	5
Mga shortcut sa standby mode .....	6
Ikandado ang keypad .....	7
<b>2. Mga function ng tawag.....</b>	<b>9</b>
Magsagawa at sumagot ng tawag .....	9
Loudspeaker.....	10
Mga pang-bose na mensahe .....	10
<b>3. Magsulat ng teksto... ..</b>	<b>11</b>
<b>4. Mga pag-andar ng menu.....</b>	<b>13</b>
Mga mensahe.....	13
Mga kontak.....	18
Mga tawag.....	20
Mga setting .....	21
Alarma-orasan .....	28
Radyo.....	29
Mga paalaala .....	31
Mga laro .....	32
Mga ekstra .....	32
Mga serbisyong SIM.....	35

<b>5. Impormasyon tungkol sa baterya.....</b>	<b>36</b>
Pagkarga at Pagdiskarga ...	36
Mga tagubilin sa pagpapatunay ng baterya ng Nokia .....	38

<b>6. Mga Tunay na Pagpapahusay.....</b>	<b>43</b>
Baterya .....	44
Nokia Mobile Charger LCH-12.....	45
Audio.....	45

<b>7. Pag-aalaga at pagpapanatili .....</b>	<b>46</b>
---	-----------

<b>8. Karagdagang impormasyong pangkaligtasan .....</b>	<b>49</b>
Kapaligiran sa pagpapatakbo .....	49
Mga kagamitang pang-medikal .....	50
Mga sasakyan .....	52
Mga kapaligirang maaaring sumabog.....	53

Mga tawag na emergency..	54
Impormasyon sa Sertipikasyon (SAR) .....	56

<b>Indeks .....</b>	<b>59</b>
---------------------	-----------

## Para sa iyong kaligtasan

Basahin itong mga simpleng patnubay. Ang paglabag sa mga ito ay maaaring mapanganib o labag sa batas. Basahin ang kumpletong patnubay sa gumagamit para sa higit na impormasyon.



### **BUKSAN NANG LIGTAS**

Huwag bubuksan ang telepono kapag ang paggamit ng wireless phone ay ipinagbabawal o kapag maaaring maging sanhi ng interference (pagkagambala) o panganib.



### **KALIGTASAN SA DAAN ANG NAUUNA**

Sundin ang lahat ng lokal na batas. Laging tiyakin na malayang magpatakbo ng sasakyan ang iyong mga kamay habang nagmamaneho. Ang unang dapat mong isaalang-alang habang nagmamaneho ay ang kaligtasan sa daan.



### **PAGGAMBALA**

Lahat ng wireless phones ay maaaring magkaroon ng intereference, na makakaapekto sa pagganap.



### **PATAYIN SA MGA OSPITAL**

Sundin ang anumang mga restriksiyon. Patayin ang telepono kapag malapit sa kagamitang medikal.



### **PATAYIN HABANG NAKASAKAY SA SASAKYANG PANG-HIMPAPAWID**

Sundin ang anumang mga restriksiyon. Ang mga aparatong wireless ay maaaring maging sanhi ng pagkagambala sa sasakyang pang-himpapawid.



### **PATAYIN KAPAG NAGLALAGAY NG GAS**

Huwag gamitin ang telepono sa isang gasolinahan. Huwag gamitin kapag malapit sa gas o mga kemikal.



### **PATAYIN SA MALAPIT SA PAGPAPASABOG**

Sundin ang anumang mga restriksiyon. Huwag gagamitin ang telepono sa lugar na may ginagawang pagpapasabog.



### **GAMITIN NANG MAAYOS**

Gamitin lamang sa normal na posisyon na ipinaliwanag sa dokumentasyon ng produkto. Huwag gagalawin kung hindi kinakailangan ang antenna.



### **KUWALIPIKADONG SERBISYO**

Mga kuwalipikadong tauhan lang ang maaaring mag-install o magkumpuni ng produktong ito.



### **MGA PAGPAPAHUSAY AT BATERYA**

Gamitin lamang ang mga inaprobahang pagpapahusay at baterya. Huwag ikunekta ang mga produktong hindi katugma.



### **PANLABAN- SA TUBIG**

Ang iyong telepono ay walang panlaban sa tubig. Panatilihin itong tuyo.



### **MGA PAMALIT- NA KOPYA**

Tandaan na gumawa ng mga pamalit na kopya o mag-ingat ng nakasulat na rekord ng lahat ng mahalagang impormasyon na nakalagay sa iyong telepono.



### **PAGKUNEKTA SA IBANG MGA KAGAMITAN**

Kapag ikinukunekta sa ibang kagamitan, basahin ang patnubay sa gumagamit para sa mga detalyadong tagubiling pangkaligtasan. Huwag ikunekta ang mga produktong hindi katugma.



### **MGA TAWAG NA EMERGENCY**

Tiyaking nakabukas ang telepono at nasa serbisyo. Pindutin ang pindutan ng Tapusin kung ilang beses kailangan upang alisan ng laman ang display at bumalik sa screen ng pagsisimula. Ipasok ang emergency number, at saka pindutin ang pindutan ng tawag. Ibigay ang inyong lokasyon. Huwag tatapusin ang tawag hanggang sabihan ka na gawin ito.

## ■ Ukol sa iyong aparato

Ang wireless na aparato na inilalarawan sa patnubay na ito ay inaprobahan para gamitin sa EGSM 900 at GSM 1800 na mga network. Kontakin ang iyong service provider para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga network.

Kapag ginagamit ang mga katangian sa kagamitang ito, sundin ang lahat ng batas at igalang ang pagkapribado at mga lehitimong karapatan ng ibang mga tao.



**Babala:** Upang magamit ang mga tampok sa kagamitang ito, bukod sa alarmang orasan, ang kagamitan ay dapat buksan. Huwag bubuksan ang aparato kapag ang wireless device ay maaaring maging sanhi ng interference o panganib.

## ■ Mga Serbisyong Pang-Network o Network Services

Upang magamit ang telepono dapat na mayroon kang serbisyo mula sa isang wireless service provider. Marami sa mga katangian sa aparatong ito ay nakadepende sa mga katangian sa wireless network para gumanap. Ang mga serbisyong pang-network na ito ay maaaring hindi makukuha sa lahat ng network o maaaring kailanganin mong gumawa ng mismong pakikipag-ayos sa iyong service provider bago mo magamit ang mga serbisyong pang-network. Maaaring kailanganin ng iyong service provider na bigyan ka ng mga karagdagang tagubilin para sa paggamit ng mga ito at ipaliwanag kung ano ang mga angkop na singil. May mga network na maaaring may mga limitasyon na nakakaapekto kung paano mo magagamit ang mga serbisyong pang-network. Halimbawa, may mga network na maaaring hindi sumuporta sa lahat ng karakter at/o mga serbisyo na -nakadepende sa wika.

Maaaring hiniling ng iyong service provider na huwag paganapin ang mga partikular na katangian o huwag isaaktibo ang iyong aparato. Kung ganito ang kalagayan, ang mga ito ay hindi lilitaw sa menu ng iyong aparato. Ang iyong aparato ay espesyal na naisaayos. Maaaring kasama sa configuration na ito ang mga pagbabago sa mga pangalan ng menu, menur order at mga icon. Kontakin ang iyong service provider para sa karagdagang impormasyon.

# Pangkalahatang Impormasyon

## ■ Access code, mga

Ang kodigo ng seguridad na ibinigay kasama ang telepono ay tumutulong upang maprotektahan ang iyong telepono laban sa di-awtorisadong paggamit. Ang dati nang itinakdang kodigo ay 12345.

Ang PIN code, na ibinigay kasama ang SIM card, ay tumutulong upang protektahan ang card laban sa di-awtorisadong paggamit. Ang PIN2 code, na ibinigay kasama ang iba pang mga SIM card, ay kinakailangan upang mapuntahan ag ilang mga serbisyo. Kapag ipinasok mo ang PIN o PIN2 code nang hindi wasto nang tatlong beses na sunod-sunod, hihingin mula sa iyo ang PUK o PUK2 code. Kung hindi mo taglay ang mga ito, makipag-ugnayan sa iyong lokal na service provider.

Piliin ang **Menu** > *Mga setting* > *Mga setting ng seguridad* upang iptakda kung paano ginagamit ng iyong telepono ang mga access code at setting ng seguridad.

## ■ Pinaghahatiang memorya

Ang mga sumusunod na katangian sa teleponong ito ay maaaring magbahagi ng memorya: *Mga mensahe* at *Komposer*. Ang paggamit ng isa o higit sa mga katangiang ito ay maaaring magbawas ng memorya para sa natitirang mga katangian na nakikihati sa memorya. Halimbawa, ang pag-save ng maraming mga text message ay maaaring gumamit ng lahat ng magagamit na memorya. Ang iyong kagamitan ay maaaring magpakita ng mensahe na ang memorya ay puno na kapag tinangka mong gamitin ang katangian na nakikihati sa memorya. Kapag ganito ang nangyari, bago magpatuloy ay tanggalin muna ang ilan sa impormasyon o mga ipinasok na nagre-reserba ng pinaghahatiang memorya. Ang ilan sa mga katangian, tulad ng *Mga kontak*, ay maaaring may tiyak na dami ng memorya na sadyang inilaan sa mga ito bilang dagdag sa memoryang kahati sa paggamit ang ibang mga katangian.

## ■ Impormasyon sa suporta ng at pagkontak sa Nokia

Para sa pinakabagong bersyon ng gabay na ito, mga pag-download, mga serbisyo at karagdagang impormasyon na patungkol sa iyong produktong Nokia, paki bisita ang [www.nokia-asia.com/2310/support](http://www.nokia-asia.com/2310/support) o ang iyong lokal na web site ng Nokia. Maaari kang makapag-download ng mga libreng pagtatakda ng pagsasaayos tulad ng MMS, GPRS, e-mail, at iba pang mga serbisyo para sa modelo ng iyong telepono sa [www.nokia-asia.com/phonesettings](http://www.nokia-asia.com/phonesettings).

Kung sakaling kailangan mo ng karagdagang tulong, mangyaring sumangguni sa [www.nokia-asia.com/contactus](http://www.nokia-asia.com/contactus).

Upang suriin ang pinakamalapit na lugar ng Nokia care center para sa mga serbisyo sa pagkukumpuni, maaaring nais mong bisitahin ang [www.nokia-asia.com/repair](http://www.nokia-asia.com/repair).

# 1. Pagsisimula

## ■ I-install ang SIM card at ang baterya

Laging patayin ang aparato at tanggalin ang charger bago alisin ang baterya.

Itago ang lahat ng maliliit na SIM card sa lugar na hindi maaabot ng maliliit na bata.


Para sa kakayahang magamit at impormasyon sa paggamit ng mga serbisyong nasa SIM card, kontakin ang iyong SIM card vendor. Ito ay maaaring ang service provider, network operator, o ibang vendor.

Ang kagamitang ito ay para gamitin sa pamamagitan ng BL-5C na baterya.

1. Pindutin ang pindutan sa papapakawala, at padausdusin ang takip sa likod upagn tanggalin ito (1). Angatin ang baterya, at alisin ito (2).

## Pagsisimula

2. Dahan-dahang iangat ang sisidlan ng SIM card mula sa hawakan ng telepono (3). Ipasok ang SIM card, siguraduhin na ang naka-paangat na kanto ay nasa bandang kanan-itaas na gilid at ang ginintuang dikitan ay nakadapa (4). Isara ang SIM card holder, at idiin ito hanggang lumapat ito sa posisyon (5).
3. Palitan ang baterya at ang takip sa likod (6, 7).



**Paalala:** Laging isara ang power at idiskunekta ang charger o anumang ibang kagamitan bago tanggalin ang mga takip. Iwasang sumagi sa mga elektronikong sangkap habang nagpapalit ng mga takip. Laging itago at gamitin ang telepono na nakakabit ang mga takip.

## ■ Pagkarga ng baterya



**Babala:** Gumamit lamang ng mga baterya, charger, at pagpapahusay na inaprobahan ng Nokia para gamitin sa mismong modelong ito. Ang paggamit ng ibang mga klase ay maaaring magpawalang-bisa sa anumang pag-aproba o garantiya, at maaaring maging mapanganib.

Tiyakin ang model number ng anumang charger bago gamitin sa aparatong ito. Ang aparato na ito ay nilalayong magamit kapag gumagamit ng koryente na nanggaling mula sa isang AC-2 na charger.

Para malaman kung makukuha ang inaprobahang mga pagpapahusay, mangyaring magtanong sa iyong tagapagbenta.

1. Ikonekta ang charger sa isang saksakan.
2. Ikabit ang charger sa telepono. Mag-uumpisang mapuno ang baretang pahiwatig ng baterya. Kapag ganap nang nakargahan ang baterya, magwawakas na sa pagpuno ang ipinapahiwatig na bareta.



Kung ang baterya ay ganap na walang-laman, maaaring tumagal ng ilang minuto bago lumitaw ang tagapagpahiwatig ng pagkakarga sa display o bago makatawag.

## ■ Pagbukas at pagsara

Pindutin at idiin ang pindutan ng tapusin.

Gamitin lamang ang telepono sa normal na posisyon ng paggamit nito.


Ang iyong telepono ay may panloob na antenna.



**Paalala:** Katulad ng ibang aparato sa pagpapadala na gumagamit ng mga senyales ng radio, huwag hahawakan nang hindi kinakailangan ang antenna kapag ang telepono ay nakabukas. Ang pagsagi sa antenna ay nakakaapekto sa kalidad ng tawag at maaaring maging dahilan upang ang kagamitan ay tumakbo sa antas ng lakas na mas mataas sa kailangan. Ang pag-iwas na masagi ang antenna habang ginagamit ang aparato ay nagpapataas ng pagganap ng antenna at ng buhay ng baterya.




**Paalala:** Huwag hahawakan ang saksakang ito sapagkat nilalayon itong gamitin ng mga awtorisadong tagapagkumpuni lamang.



## ■ Mga pindutan at piyesa

Kapag ang telepono ay handa nang gamitin, at wala pa kang naipapasok na anumang mga titik o letra o tanda, ang telepono ay nasa standby mode.

- Pangalan o operator logo ng network (1)
- Lakas ng signal ng network (2)
- Antas ng pagkakarga ng baterya (3)
- Earpiece (4)
- Loudspeaker (5)
- Mga pag-andar ng Pindutan sa pagpili (6)



- Mga pindutan sa pagpili (7)
- Scroll key (8)
- Pindutan ng tawag (9)
- Pindutan ng Tapusin at Bukas/Sara (10)
- Keypad (11)
- Saksakan ng charger (12)
- Saksakan ng Headset (13)



**Babala:** Ang scroll key sa aparatong ito ay maaaring may laman na nickel. Hindi ito dapat madikit sa balat nang matagalan. Ang patuloy na pagkakadikit ng nickel sa balat ay maaaring magdulot ng nickel allergy.

## ■ Mga shortcut sa standby mode

Mag-scroll pataas upang mapuntahan ang *Mga tawag*.

Mag-scroll pababa upang mapuntahan ang mga pangalan at numerong naka-imbak sa *Mga kontak*.

Mag-scroll pakaliwa upang magsulat ng isang mensahe.

Mag-scroll pakanan upang mapuntahan ang kalendaryo.

Pindutin at idiin ang \*  upang buhayin ang radyo.

Pindutin ang kanang pindutan sa pagpili (**Pnta sa**) upang tingnan ang mga function na nasa iyong listahan ng mga shortcut.

Upang mapuntahan ang listahan ng mga idinayal na numero, pindutin ang pindutan ng tawag nang isang beses. Mag-scroll sa numero o pangalan na gusto mo, at pindutin ang pindutan ng tawag upang tawagan ang numero.

## ■ Ikandado ang keypad

Upang maikandado ang keypad para maiwasan ang di-sinasadyang pagkakapindot ng mga pindutan, sa standby mode, piliin ang **Menu**, at pindutin ang \* agad; upang buksan, piliin ang **I-unlck**, at pindutin ang \* agad.

Upang itakda ang keypad upang awtomatiko itong sumara makalipas ang isang takdang palugit ng oras kapag ang telepono ay nasa standby mode at walang ginagamit na function ng telepono, piliin ang **Menu** > *Mga setting* > *Mga setting ng telepono* > *Mga setting ng keyguard* > *Automatik na keyguard* > *Buksan*. Upang itakda ang telepono na hingin nito ang kodigo ng seguridad kapag binubuksan mo ang keypad, piliin ang *Keyguard code*.

## P a g s i s i m u l a

Kapag ang keypad lock ay ginagamit, ang mga tawag ay maaaring maisagawa papunta sa opisyal na numero na pang-emergency na nakaprograma sa iyong aparato. Ipasok ang numero na pang-emergency, at saka pindutin ang pindutan ng tawag. Ang numero ng emergency na iyong ipinasok ay maaaring hindi ipakita sa screen.

## 2. Mga function ng tawag

### ■ Magsagawa at sumagot ng tawag

Upang magsagawa ng tawag, ipasok ang numero ng telepono, kabilang ang country code at area code kung kinakailangan. Pindutin ang pindutan ng tawag upang tawagan ang numero. Mag-scroll pakanan upang lakasan o sa kaliwa upang hinaan ang tunog ng earpiece o headset habang isinasagawa ang tawag sa telepono.

Ang isang pang-kumperensyang tawag (serbisyong pang-network) ay nagbibigay-daan upang lumahok ang limang tao sa parehong tawag. Upang tawagan ang bagong kalahok, piliin ang **Opsyon > Bagong tawag**; piliin ang **I-reset** upang alisin ang laman ng screen kung kinakailangan. Ipasok ang numero na gusto mo, at saka pindutin ang pindutan ng tawag. Kapag sinagot ang bagong tawag, maidadagdag mo ito sa pang-kumperensyang tawag sa pamamagitan ng pagpili ng **Opsyon > Kumperensiya**.

Upang sagutin ang isang papasok na tawag, pindutin ang pindutan ng tawag. Upang tanggihan ang tawag nang hindi sinasagot, pindutin ang pindutan ng tapusin.

### ■ Loudspeaker

Kung magagamit, maaari mong piliin ang **Loudsp.** o **Hands.** upang gamitin ang loudspeaker o earpiece ng telepono habang may tawag.





**Babala:** Huwag hahawakan ang kagamitan na malapit sa iyong tainga kapag ginagamit ang loudspeaker, dahil ang tunog ay maaaring sobrang malakas.

### ■ Mga pang-bose na mensahe

Upang tawagan ang iyong voice mailbox, pindutin at idiin ang **1** sa standby mode (serbisyong pang-network). Maaaring kailangan mong ipasok ang numero kapag tumatawag sa kaunahang pagkakataon. Makipag-ugnayan sa iyong service provider upang matanggap ang iyong numero ng voice mailbox.

### 3. Magsulat ng teksto

Maari kang magpasok ng teksto sa pamamagitan ng nakasanayang pagpapasok ng teksto  o ang mapaghulang pagpapasok ng teksto . Upang gamitin ang nakasanayang pagpapasok ng teksto, pindutin nang paulit-ulit ang pindutan hanggang sa lumitaw ang titik. Upang buksan ang mapaghulang pagpapasok ng teksto habang nagsusulat ng teksto, piliin ang **Opsyon** > *Diksyonaryo* at ang nais na wika, upang isara ito, piliin ang **Opsyon** > *Diksyon. sarado*.

Kapag gumagamit ng mapaghulang pagpapasok ng teksto, pindutin ang bawat pindutin nang isang beses para sa isang titik. Kung ang ipinapakitang salita ang siyang nais mo, pindutin ang **O**, at simulan ang pagsusulat ng susunod na salita. Upang palitan ang salita, pindutin ang \* nang paulit-ulit hanggang sa lumitaw ang salitang nais mo. Kung ang ? ay ipinapakita matapos ang salita, ang salita ay wala sa diksyunaryo. Upang idagdag ang salita sa diksyunaryo, piliin ang **l-spell**, ipasok ang salita (gamit ang tradisyonal na pagpapasok ng teksto), at piliin ang **OK**.

Mga payo sa pagsusulat ng teksto: upang maglagay ng puwang, pindutin ang **O**. Upang mabilisang palitan ang pamamaraan ng

## Magsulat ng teksto

pagpapasok ng teksto, pindutin ang # nang paulit-ulit at lagyan ng tsek at tagapagpahiwatig na nasa itaas ng display. Upang magdagdag ng isang numero, pindutin at idiin ang ninanais na pindutan ng numero. Upang makakuha ng isang listahan ng mga espesyal na characters habang gumagamit ng tradisyonal na pagpapasok ng teksto, pindutin ang \*; kapag gumagamit ng mapaghulang pagpapasok ng teksto, pindutin at idiin ang \*.

Upang bawiin ang pagtatanggal ng mensahe sa bintana ng pag-edit, piliin ang **Opsyon** > *l-undo pag-clr*.

## 4. Mga pag-andar ng menu

Ang mga pag-andar ng telepono ay ipinapangkat sa mga menu. Hindi lahat ng mga pag-andar ng menu o mga aytem ng opsyon ay inilalarawan dito.

Sa standby mode, piliin ang **Menu** at ang nais na menu at submenu. Piliin ang **Labas** o ang **Balik** upang umalis sa kasalukuyang menu. Pindutin ang pindutan ng tapusin upang direktang bumalik sa standby mode.

### ■ Mga mensahe

Ang mga serbisyong pang-mensahe ay maaari lamang magamit kapag ang mga ito ay suportado ng iyong network o ng iyong service provider.



### Mga setting ng mensahe

Upang baguhin ang iyong mga setting ng mensahe, piliin ang **Menu** > *Mga mensahe* > *Mga setting ng mensahe* at pumili mula sa mga sumusunod:

*Prof. pagpadala* — piliin ang *Numero ng message center* upang i-imbak ang numero ng telepono na kinakailangan para

magpadala ng mga text message at mensaheng larawan. Matatanggap mo ang numerong ito mula sa iyong service provider. Piliin ang *Mga mensahe ipadala bilang* (serbisyong pang-network) upang piliin ang uri ng mensahe (*Teksto, Fax, Paging, o E-mail*). Piliin ang *Bisa ng mensahe* (serbisyong pang-network) upang piliin kung gaano katagal susubukang ihatid ng network ang iyong mensahe.

*Suporta sa karakter* (serbisyong network) — upang maitakda kung ang *Puno* o *Bawasan* na pagkokodigo ang siyang ginagamit kapag nagpapadala ng isang text message.

*Numero nai-screen* — upang tingnan o baguhin ang listahan ng mga sinala na numero. Ang mga mensahe mula sa mga sinalang numero ay direktang ini-imbak sa folder ng *Mensaheng nai-screen*.

## Sumulat ng mensahe

Ang iyong kagamitan ay sumusuporta sa pagpapadala ng mga text message na higit sa limitasyon sa karakter para sa isang mensahe. Ang mas mahahabang mensahe ay ipapadala bilang isang serye ng dalawa o higit na mensahe. Ang iyong service provider ay maaaring gumawa ng angkop na singil. Ang mga karakter na gumagamit ng mga accent at ibang mga marka,

at mga karakter mula sa ilang pagpipilian na wika tulad ng Chinese, ay kumukuha ng mas maraming espasyo na naglilimita sa bilang ng mga karakter na maipapadala sa isang mensahe.


Ang bilang ng mga makukuhang karakter at ang kasalukuyang numero ng bahagi ng isang mensaheng maraming bahagi ay ipinapakita sa kanang tuktok ng display (halimbawa, 918/1).

1. Piliin ang **Menu** > *Mga mensahe* > *Sumulat ng mensahe*.
2. Isulat ang mensahe.
3. Upang ipadala ang mensahe, piliin ang **Opsyon** > *Ipadala*, ipasok ang numero ng telepono ng tatanggap, at piliin ang **OK**.



**Paalala:** Kapag nagpapadala ng mga mensahe, ang iyong aparato ay maaaring magpakita ng mga salitang *Mensahe naipadala*. Ito ay nagpapabatid na ang mensahe ay naipadala na ng iyong kagamitan sa message centre number na nakaprograma sa iyong kagamitan. Hindi ito isang pahiwatig na ang mensahe ay natanggap na sa hinahangad na destinasyon. Para sa karagdagang mga detalye tungkol sa mga serbisyong pagmemensahe, itanong sa iyong service provider.

## Inbox, Mga item naipadala at Mga draft

Kapag nakatanggap ka ng mga text message, ang bilang ng mga bagong mensahe at ang  ay ipinapakita sa standby mode. Piliin ang **Ipakita** upang agarang tingnan ang mga mensahe, o **Labas** upang tingnan ito sa iba pang panahon sa **Menu > Mga mensahe > Inbox**.

Sa menu ng **Mga draft**, maaari mong tingnan ang mga mensaheng iyong nai-imbak gamit ang menu na **I-save msg..** Sa menu ng **Mga item naipadala**, maaari mong tingnan ang mga kopya ng mga mensaheng iyong naipadala.

## Chat

Maaari kang makipag-usap sa iba pang mga tao gamit ang **Chat** (serbisyong network). Ang bawat mensaheng chat ay ipinapadala bilang isang hiwalay na text message. Ang mga mensaheng natanggap at naipadala habang may sesyon ng chat ay hindi iniimbak.

Upang simulan ang isang sesyon ng chat, piliin ang **Menu > Mga mensahe > Chat**; o, kapag binabasa ang isang natanggap na text message, piliin ang **Opsyon > Chat**.

## Mensaheng larawan

Maaari kang makatanggap at makapagpadala ng mga mensahe na naglalaman ng mga litrato (serbisyong pang-network). Ang mga natanggap na mga mensahe ng litrato ay ini-imbak sa *Inbox*. Ang bawat larawang mensahe ay naglalaman ng maraming tekstong mensahe. Sa gayong dahilan, ang pagpapadala ng isang larawang mensahe ay maaaring magkahalaga ng mas malaki kaysa sa pagpapadala ng isang text message.



**Paalala:** Ang picture message function ay magagamit lamang kung ito ay sinusuportahan ng iyong network operator o service provider. Tanging ang mga aparato na nag-aalay ng mga katangian ng larawang mensahe ang makakatanggap at makakapagpakita ng mga larawang mensahe. Ang anyo ng isang mensahe ay maaaring iba depende sa aparatong tumatanggap.

## Tanggalin mga mensahe

Upang burahin ang lahat ng mga nabasang mensahe o lahat ng mga mensahe sa isang folder, piliin ang **Menu** > *Mga mensahe* > *Tanggalin mga mensahe* > *Nabasa lahat* o ang nais na folder.

## ■ Mga kontak



Pwede kang mag-imbak ng mga pangalan at numero ng telepono sa memorya ng telepono at sa memorya ng SIM card. Ang panloob na phone book ay maaaring mag-imbak ng hanggang sa 200 pangalan.

Upang maghanap ng isang kontak, mag-scroll pababa sa standby mode, at ipasok ang mga unang titik ng pangalan. Mag-scroll papunta sa pangalan na nais mo.

Maaari mo ding piliin ang **Menu** > *Mga kontak* at pumili mula sa mga sumusunod na pagpipilian:

*Ngalan idagdag* – upang mag-imbak ng mga pangalan at numero ng telepono sa phone book

*Kopyahin* – upang kopyahin ang mga pangalan at numero ng telepono nang sabay-sabay o nang paisa-isa mula sa panloob na phone book papunta sa SIM phone book, o kahit pabaligtad

*Tanggalin* – upang magbura ng mga pangalan at numero ng telepono mula sa phone book nang paisa-isa o nang sabay-sabay



*Bilis-dayal* — upang buhayin ang pang-andar ng bilis-dayal at upang baguhin ang mga numerong nakalaan sa mga pindutan ng bilis-dayal

*Mga numero ko* — upang tingnan ang mga numerong nakatalaga sa inyong SIM card. Ipinapakita lamang kung ang mga numero ay kasama sa inyong SIM card.

## Mga setting para sa mga kontak

Piliin ang **Menu** > *Mga kontak* > *Mga setting* at ang alinman sa mga magagamit na pagpipilian:

*Memorya na ginagamit* — upang piliin kung ang mga pangalan at numero ng telepono ay ini-imbak sa *Telepono* o *SIM card*. Kapag pinalitan mo ang SIM card, ang memorya ng *SIM card* ay awtomatikong pinipili.

*View ng mga contact* — upang piliin kung paano ipinapakita ang mga pangalan at numero ng telepono. Kapag tiningnan mo ang **Detalye** ng isang kontak, ang pangalan o numero ng telepono na iniimbak sa memorya ng SIM card ay ipinapahiwatig ng  at ang pangalan o numero ng telepono na iniimbak sa memorya ng telepono ay ipinapahiwatig ng .

*Status ng memorya* – upang suriin kung ilang mga pangalan at numero ng telepono ang naka-imbak na at kung ilan pa ang maaaring mai-imbak sa bawat phone book

### ■ Mga tawag

Ang telepono ay nagtatala ng mga numero ng di-nakuha, natanggap, at idinayal na mga tawag, ang humigit-kumulang na tagal ng iyong mga tawag, at ang bilang ng mga naipadala at natanggap na mensahe. Kailangang suportahan ng network ang mga function na ito, at kailangang nakabukas ang telepono at nasa loob ng lugar ng serbisyo ng network.



Piliin ang **Menu** > *Mga tawag* > *Mga di-nasagot*, *Mga nasagot na tawag*, o *Tinawagang numero* > **Opsyon** upang tingnan ang oras ng tawag, baguhin, tingnan o tawagan ang rehistradong numero ng telepono; idagdag ito sa phone book o sa listahan ng mga sinala na numero, o burahin ito mula sa listahan ng mga kamakailan-lamang na tawag. Puwede ka ring magpadala ng tekstong mensahe. Upang i-reset ang listahan ng mga kamakailan-lamang na tawag, piliin ang **Menu** > *Mga tawag* > *Tanggal lista huling tawag* at ang mga listahan na gusto mo.

Piliin ang **Menu** > *Mga tawag* > *Durasyon ng tawag* upang tingnan ang humigit-kumulang na tagal ng huling tawag, ang lahat ng mga natanggap na tawag, ang lahat ng mga nai-dayal na tawag, o lahat ng mga tawag.

Upang mai-reset ang mga timer, piliin ang *I-reset ang mga timer*, ipasok ang security code, at piliin ang **OK**.



**Paalala:** Ang aktwal na mga singil para sa mga tawag at serbisyo mula sa iyong service provider ay maaaring mag-iba, depende sa mga katangian ng network, rounding-off para sa pagsingil, mga buwis at iba pa.

## ■ Mga setting

Sa menu na ito, maaari mong maisaayos ang iba't-ibang mga setting ng telepono. Upang mai-reset ang ilang mga setting ng menu pabalik sa kani-kanilang mga halaga na kapag walang ibang pinili, piliin ang *Ibalik factory setting*.



## Mga setting ng tunog

Piliin ang **Menu** > *Mga setting* > *Mga setting ng tunog* at alinman sa mga magagamit na pagpipilian:

*Tunog ng ring* – upang maitakda ang tono para sa mga papasok na tawag

*Lakas ng tunog* – upang maitakda ang antas ng lakas ng tunog para sa mga tono ng pag-ring at pag-alerto ng mensahe. Kapag itinakda mo ang *Lakas ng tunog* sa level 2 o mas mataas pa, magri-ring ang telepono nang tumataas ang lakas ng tunog mula sa level 1 papunta sa antas na itinakda para sa mga papasok na tawag.

*Vibrating na alerto* – upang ipanginig ang telepono kapag nakatanggap ka ng isang tawag o text message

*Tono alerto ng mensahe* – upang itakda ang pagpapatunog ng tono kapag nakatanggap ka ng isang text message.

*Mga tunog ng babala* – upang patunugin ang telepono gamit ang mga tono ng tunog, halimbawa, kapag nauubusan na ng baterya ng telepono

## Mga setting ng display

Piliin ang **Menu** > *Mga setting* > *Mga setting ng display*, at pumili mula sa mga sumusunod:

*Mga tema* – mag-scroll sa nais na tema, at piliin ang **Opsyon** > *I-aktibo* o ang *I-edit* upang buhayin o baguhin ang tema.

**Mga iskema ng kulay** – upang ayusin ang mga hanay ng kulay ng ginagamit na tema.

**Power saver orasan** – upang itakda ang telepono para ipakita nito ang digital o nakagawiang orasan at ang lahat ng mga pangunahing simbolo sa display bilang isang screen saver.

**Backlight oras** – upang itakda kung bubuksan ang mga backlight sa loob ng 15 segundo (**Normal**), sa loob ng 30 segundo (**Mas matagal**), o tuluyang hindi na (**Sarado**). Kahit na kapag ang **Sarado** ay pinili, mananatiling nakabukas ang backlight sa loob ng 15 segundo kapag nakabukas ang telepono.

**Screen saver** – upang panatilihin nakabukas o nakapatay ang screen saver, upang itakda ang oras sa pagbubukas ng screen saver (**Timeout**), o upang piliin ang litrato para sa iyong screen saver (**Screen saver**).

## Mga profile

Maaari mong ipasadya ang mga profile para sa ilang mga tampok, tulad ng mga tono ng ring at ang screen saver.

Piliin ang **Menu** > **Mga setting** > **Mga profile**, ang profile na nais mong baguhin, at **I-personalise**.

### Mga setting ng oras


Piliin ang **Menu** > *Mga setting* > *Mga setting ng oras* > *Orasan* upang itago o ipakita ang orasan, itakda ang oras, o baguhin ang anyo ng oras. Upang itakda ang petsa, piliin ang *Setting ng petsa*.

Kung ang baterya ay tinanggal mula sa telepono, maaaring kailangan mo munang itakda ang oras at petsa muli.

### Settings ng tawag

Piliin ang **Menu** > *Mga setting* > *Settings ng tawag*, at pumili mula sa mga sumusunod:

*Lipat tawag* (serbisyong network) - upang mailihis ang iyong mga papasok na tawag papunta sa iyong voice mailbox o sa iba pang numero ng telepono. Mag-scroll sa nais mong pagpipilian sa paglilihis, at piliin ang *Isaaktibo* upang buksan ang pagpipilian sa paglilihis at ang *Kanselahin* upang patayin ito. Upang tiyakin kung aktibo ang piniling pagpipilian, piliin ang *I-check status*. Upang tukuyin ang isang palugit ng panahon para sa ilang mga paglilihis, piliin ang *Oras ng antala* (hindi magagamit para sa lahat ng mga pagpipilian sa paglilihis). Ang ilang mga pagpipilian sa paglilihis ay maaaring maging aktibo nang sabay. Kapag binuhay ang *Ilipat ang lahat ng voice*

*calls*, ang  ay ipinapakita sa display sa standby mode. Upang patayin ang lahat ng mga paglilihis ng tawag, piliin ang *Kanselahin lahat ng lipat tawag*.

*Ipadala caller identity ko* (serbisyong network) – upang tukuyin kung ang iyong numero ng telepono ay ipapakita o itatago mula sa tao na iyong tinatawagan.

*Awtomatik redyal* – upang magtakda sa iyong telepono ng pinakamababang sampung pagtatangkang pagkonekta ng tawag pagkaraan ng isang di-matagumpay na pagtatangkang tumawag.

*Serbisyo ng hintay-tawag* (serbisyong network) – upang hayaan ang network na ipaalam sa iyo ang isang bagong papasok na tawag habang may isinasagawa kang tawag.

*Linya sa papa-labas na twag* (serbisyong network) – upang piliin ang ika-1 o ika-2 na linya ng telepono para sa mga pagtawag, o upang pigilan ang pagpipili ng linya, kung sinusupportahan ng iyong SIM card.

## Mga setting ng telepono

Piliin ang **Menu** > *Mga setting* > *Mga setting ng telepono* > *Wika* upang piliin ang wikang gagamitin para sa mga teksto sa display, *Pagpipilian ng network* upang itakda ang telepono upang awtomatiko nitong piliin ang isang cellular network na magagamit sa iyong area o upang mano-manong piliin ang network, *Panimulang tunog* upang piliin kung patutugtugin ng telepono ang isang tono kapag ito ay nakabukas, o ang *Paunang pagbati* upang magpasok ng isang mensahe na panandaliang ipinapakita sa display kapag ibinukas ang telepono.

## Mga setting halaga



**Paalala:** Ang aktwal na singil para sa mga tawag at serbisyo mula sa inyong service provider ay maaaring mag-iba, depende sa mga katangian ng network, rounding off para sa pagsingil, buwis at iba pa.

Piliin ang **Menu** > *Mga setting* > *Mga setting halaga* > *Credit na prepaid* (serbisyonang network) upang tingnan ang impormasyon ukol sa prepaid credit; *In-call timer* upang buksan o isara ang pagpapakita sa display ng tagal ng tawag; *Suma ng tawag* upang buksan o isara ang pagtatantyang ulat ng tagal ng tawag; *Halaga ng tawag* (serbisyonang network) upang tingnan ang

tinatayang halaga ng iyong huling tawag o ang lahat ng mga tawag ayon sa mga yunit na itinukoy sa loob ng *Ipakita ang halaga sa*.



**Paalala:** Kapag wala nang natitirang yunit ng charge o pera, maaari lamang na makapagsagawa ng mga tawag sa opisyal na numerong pang-emergency na naka-program sa aparato.

## Setting ng enhancement

Ang mga aytem ng setting ng pagpapahusay ay makikita lamang makalipas na ikabit ang isa sa mga pagpapahusay sa telepono.

Piliin ang **Menu** > *Mga setting* > *Setting ng enhancement* > *Headset* o *Loopset*.

Upang itakda ang telepono na awtomatikong sumagot sa isang papasok na tawag, piliin ang *Awtomatikong sasagutin*. Kung ang tono ng ring ay nakatakda sa *Isang beep* o ang aktibong profile ng telepono ay *Walang-ingay*, nakasara ang awtomatikong pagsagot.

### Mga setting ng kanang pindutan sa pagpili

Sa standby mode, maaari mong piliin ang **Pnta sa** upang mapuntahan ang isang listahan ng mga shortcut. Upang tukuyin o isaayos ang mga shortcut, piliin ang **Menu** > *Mga setting* > *Mga sett. kanan pampiling key*. Upang pumili ng mga function para sa mga shortcut, piliin ang *Pili ng opsyon*, upang palitan ang pagkakasunod-sunod ng mga shortcut sa listahan, piliin ang *I-organise*.

### ■ Alarma-orasan

Upang magtakda ng oras para sa pag-alarma, piliin ang **Menu** > *Alarma-orasan* > *Oras-alarma*. Upang piliin ang isang tono para sa pag-alarma, piliin ang *Tono-alarma*. Upang patunugin ang alarma nang isang beses lamang o nang paulit-ulit sa mga piling araw ng linggo, piliin ang *Ulitin alarma*. Kapag tumunog ang alarma, piliin ang **Itigil** upang itigil ang pag-alarma o ang **Tahimik** upang itigil ang pag-alarma at itakda ito na mag-ring muli matapos ang in 10 minuto.



Kung ang oras ng alarma ay naabot habang nakasara ang kagamitan, ang kagamitan ay kusang bubukas at magsisimulang patunugin ang tono ng alarma. Kapag pinili mo ang **Itigil**,

itananong ng aparato kung gusto mong isaaktibo ang telepono para sa mga tawag. Pindutin ang **Hindi** upang isara ang kagamitan o **Oo** upang tumawag o tumanggap ng mga tawag. Huwag pipindutin ang **Oo** kapag ang paggamit ng wireless phone ay maaaring maging sanhi ng pagkagambala o interference o panganib.

## ■ Radyo



Maaari kang makinig sa radyo gamit ang headset o ang loudspeaker. Panatiliing nakakunekta ang headset sa telepono. Ang bungad ng headset ay nagsisilbing antenna ng radyo.



**Babala:** Makinig ng musika sa katamtamang antas. Ang patuloy na pagkahantad sa mataas na volume ay maaaring makapinsala sa iyong pandinig. Huwag hahawakan ang kagamitan na malapit sa iyong tainga kapag ginagamit ang loudspeaker, dahil ang tunog ay maaaring sobrang malakas.

Piliin ang **Menu** > **Radyo** upang buksan ang radyo. Ang channel location number, at ang pangalan ng radio channel (kung nag-save ka ng channel) at ang frequency ng radio channel ay ipapakita. Kapag nai-imbak mo na ang mga himpilan ng radyo,

mag-scroll pataas o pababa papunta sa himpilan na nais mong pakinggan, o pindutin ang mga kaukulang pindutan ng numero upang pumili ng isang kinalalagyan ng himpilan ng radyo.

### Mga pag-andar ng radyo

Kapag bukas ang radyo, pindutin nang matagal ang mga scroll key nang pataas o pababa upang simulan ang paghahanap ng channel. Ang paghahanap ay titigil kapag may natagpuang channel. Upang i-imbak ang channel, piliin ang **OK** upang itakda ang frequency, ipasok ang pangalan ng channel, at piliin ang kinalalagyang nais mong i-imbak.

Habang nakabukas ang radyo, mag-scroll pakaliwa o pakanan upang ayusin ang lakas ng tunog ng radyo.

Piliin ang **Opsyon** at ang isa sa mga sumusunod:

*Isarado* — upang maisara ang radyo

*Visualisation* > *Ipakita ang visualisation* > *Bukas* — upang ipakita ng iyong telepono ang mga pagbabago-bago ng tunog ng radyo. Upang palitan ang paraan kung paano naipapakita ang mga pagbabago, piliin ang *Uri ng visualisation*.

*I-save channel* — upang i-imbak ang himpilan ng radyo na iyong natagpuan

*Awto-tuning* o *Manwal tuning* — upang maghanap ng himpilan nag awtomatiko o mano-mano

*Tanggalin chnl.* o *I-rename* — upang burahin o palitan ang ngalan ng himpilan

*Itakda freq.* — upang maipasok ang frequency ng nais na himpilan ng radyo

*Loudspeaker* o *Headset* — upang pakinggan ang radyo na ginagamit ang loudspeaker o headset

*Orasang radyo* — upang itakda ang oras kung kailan bubukasn ang radyo bilang tono ng alarma

Pangkaraniwang makakatawag ka o makakasagot ng tawag habang nakikinig ng radyo. Habang nasa isang tawag, ang tunog ng radyo ay patatahimikin.

## ■ Mga paalaala

Upang mag-imbak ng isang maikling tala ng teksto na may pag-alarma, piliin ang **Menu** > *Mga paalaala* > *Idagdag bago*. Kapag narating na ang oras ng pagpapaalala, piliin ang **Quit** upang itigil ang pag-alarma o ang **Iliban** upang patunugin muli ang alarma sa telepono matapos ang 10 minuto.



### ■ Mga laro

Ang bawat laro ay may maikling teksto ng tulong.

Upang ayusin ang mga karaniwang setting ng laro, piliin ang **Menu** > *Mga laro* > *Mga setting*. Maaari mong maitakda ang mga tunog (*Mga tunog ng laro*) at pagnginig (*Shakes*) para sa laro.



### ■ Mga ekstra

#### Calculator



**Paalala:** Ang calculator na ito ay may limitadong katumpakan at idinisenyo para sa mga simpleng pagkalkula.

Piliin ang **Menu** > *Mga ekstra* > *Calculator*.

1. Pindutin ang **0** hanggang **9** upang magpasok ng mga bilang at **#** upang magpasok ng puntong desimal. Upang palitan ang senyas ng ipinasok na numero, pindutin ang **\***.
2. Mag-scroll pataas o pababa upang piliin ang **+**, **-**, **x**, or **/** sa bandang kanan ng display.

3. Ulitin ang hakbang 1 at 2 kung kinakailangan.
4. Upang makuha ang resulta, piliin ang **Equals**.

## Pang-convert

Upang palitan ang iba't-ibang mga yunit ng sukatan, piliin ang **Menu** > *Mga ekstra* > *Pang-convert*. Upang mapuntahan ang iyong huling limang pagpapalit, *Huling 5 kmber*. Maaari mo ding piliing gumamit ng anim na mga paunang itinukoy na kategorya ng yunit: *Temperatura*, *Timbang*, *Haba*, *Lugar*, *Lakas ng tunog*, at *Pera*.

Upang maidagdag ang iyong sariling mga pagpapalit, piliin ang *Kumbersyon ko*.

Habang nagsasagawa ng pagpapalit, maaari kang mag-scroll pataas o pababa upang pagpalit-palitin ang mga posisyon ng mga yunit sa pagpapalit.

## Kalendaryo

Piliin ang **Menu** > *Mga ekstra* > *Kalendaryo* upang buksan ang kalendaryo sa isang 2-linggong pagtanaw.

## Composer

Piliin ang **Menu** > *Mga ekstra* > *Komposer* at ang tono. Upang makabuo ng iyong sariling mga ring tone, ipasok ang mga nota.

Halimbawa, pindutin ang **4** para sa nota na **f**. Pindutin ang **8** upang paikliin ang (-) at ang **9**

upang pahabain (+) ang tagal ng nota o ng pahinga. Pindutin ang **0** upang maglakip ng pahinga, \* upang itakda ang octave, at # upang gawing sharp ang nota (hindi magagamit para sa mga nota na **e** at **b**).

Kapag kumpleto na ang tono, piliin ang **Opsyon** > *l-play*, *l-save*, *Tempo*, *lpadala*, *l-reset screen* o *Labas*.

Ang pag-iwan sa mga application nang tumatakbo sa background ay nagpapalakas sa pangangailangan sa lakas ng baterya at nakapagpapabawas sa buhay ng baterya.

c	d	e
f 0	g 0	a
b	-	+
123	-	#

## ■ Mga serbisyong SIM

Ang iyong SIM card ay maaaring magdulot ng mga karagdagang serbisyo na maaari mong mapuntahan. Ang menu na ito ay ipinapakita lamang kapag sinuportahan ng iyong SIM card. Ang pangalan at mga nilalaman ng menu ay nakasalalay sa SIM card.



Para sa mga detalye ukol sa pagkuha, kontakin ang iyong service provider.

## 5. Impormasyon tungkol sa baterya

### ■ Pagkarga at Pagdiskarga

Ang iyong kagamitan ay pinatatakbo ng isang bateryang muling nakakargahan. Tandaan na ang lubos na pagganap ng isang bagong baterya ay nakakamit lamang pagkaraan ng dalawa o tatlong kumpletong pag-inog ng pagkarga at pagdiskarga. Ang baterya ay pwedeng kargahan at diskargahan nang daan-daang ulit pero mawawalan din ito ng lakas. Kapag ang mga oras ng pakikipag-usap at standby ay kapansin-pansing mas maikli sa karaniwan, palitan ang baterya. Gumamit ng mga baterya lamang na inaprubahan ng Nokia, at muling kargahan ang iyong baterya ng mga charger na inaprubahan ng Nokia at itinalaga para sa kagamitang ito.

Kung ang isang pamalit na baterya ay ginagamit sa kauna-unahang pagkakataon o kung ang baterya ay hindi pa nagagamit nang matagal, maaaring kailangang maikunekta ang charger at pagkatapos ay kalasin at muling ikonekta ito upang umpisahan ang pagkakarga.

Hugutin ng charger mula sa saksakan ukol sa koryente at mula sa kagamitan kapag hindi ginagamit. Huwag iiwan ang isang lubos na nakargahang baterya na nakakabit sa isang charger, dahil ang sobrang pagkarga ay maaaring magpaikli sa buhay nito. Kung iiwang hindi ginagamit, ang bateryang lubos na kinargahan ay manghihina rin sa tagal ng panahon.

Kung ang baterya ay ganap na walang-laman, maaaring tumagal ng ilang minuto bago lumitaw ang tagapagpahiwatig ng pagkakarga sa display o bago makatawag.

Gamitin lamang ang baterya para sa sinasadyang layunin. Huwag gagamit ng anumang charger o baterya na may pinsala.

Huwag i-short circuit ang baterya. Ang aksidenteng pag-short circuit ay pwedeng mangyari kapag ang metalikong bagay tulad ng barya, klip, o panulat ay naging sanhi ng diretsong koneksyon ng positibo (+) at negatibong (-) mga terminal ng baterya. (Ang mga ito ay anyong mga piraso ng metal sa baterya.) Ito ay maaaring mangyari, halimbawa, kapag nagdadala ka ng ekstrang baterya sa iyong bulsa o pitaka. Ang pag-short circuit ng mga terminal ay maaaring makapinsala sa baterya o sa bagay na ikinukunekta.

## Impormasyon tungkol sa baterya

Ang pag-iwan sa baterya sa maiinit o malalamig na lugar, tulad ng isang nakasarang kotse kapag tag-init o taglamig, ay magbabawas ng kapasidad at buhay ng baterya. Laging sisikapin na panatilihin ang baterya sa pagitan ng 15°C at 25°C (59°F at 77°F). Ang kagamitan na may mainit o malamig na baterya ay maaaring pansamantalang hindi umandar, kahit ang baterya ay lubos na nakargahan. Ang pagganap ng baterya ay partikular na limitado sa mga temperatura na lubhang maginaw.

Huwag itatapon ang mga baterya sa apoy dahil maaaring sumabog ang mga ito. Maaaring sumabog ang mga baterya kung napinsala. Itapon ang mga baterya alinsunod sa mga lokal na regulasyon. Mangyaring iresaykel hangga't maari. Huwag itapon bilang basura sa bahay.

### ■ Mga tagubilin sa pagpapatunay ng baterya ng Nokia

Laging gamitin ang orihinal na mga bateryang Nokia para sa iyong kaligtasan. Upang tiyakin na orihinal na bateryang Nokia ang makukuha mo, bilhin ito mula sa isang awtorisadong dealer ng Nokia, hanapin ang logo ng Nokia Original Enhancements sa pakete at siyasatin ang tatak na hologram na ginagamit ang mga sumusunod na hakbang:

Ang matagumpay na pagkumpleto ng lahat ng hakbang ay hindi isang garantiya ng pagiging tunay ng baterya. Kung may dahilan para maniwala ka na ang iyong baterya ay hindi isang tunay na orihinal na baterya ng Nokia, huwag mo itong gagamitin kaagad at dalhin ito sa pinakamalapit na awtorisadong sentro ng serbisyo o dealer ng Nokia para sa tulong. Ang iyong awtorisadong Nokia service point o dealer ay magsisiyasat ng baterya para matiyak kung tunay. Kung hindi mapatunayan kung tunay ang baterya, ibalik ang baterya sa binilhan.

## Hologram ng pagpapatunay



1. Kapag tumitingin sa hologram label, dapat mong makita ang simbolo ng Nokia connecting hands mula sa isang anggulo at ang logo ng Nokia Original Enhancements kapag tumitingin mula sa ibang anggulo.



2. Kapag inanggulo mo ang hologram sa kaliwa, kanan, ibaba at itaas na mga bahagi ng logo, dapat mong makita ang 1, 2, 3, at 4 na tuldok sa bawat panig ayon sa pagkakasunod-sunod.

## Impormasyon tungkol sa baterya



3. Kaskasin ang tabi ng label upang ihandad ang kodigo na may 20-bilang, halimbawa ay 12345678919876543210. Baligtarin ang baterya para ang mga numero ay humarap sa itaas. Ang 20-bilang na kodigo ay nagsisimula sa numero sa hanay sa itaas na sinusundan ng hanay sa ilalim.



4. Kumpirmahin na ang 20-bilang na kodigo ay tunay sa pamamagitan ng pagsunod sa mga tagubilin sa [www.nokiaoriginals.com/check](http://www.nokiaoriginals.com/check).

Upang bumuo ng isang text message ay ipasok ang 20-bilang na kodigo, bilang halimbawa, 12345678919876543210, at ipadala sa +44 7786 200276.

Upang bumuo ng isang mensaheng teksto,

- Para sa mga bansa sa Asya-Pasipiko, maliban sa India:  
Ipasok ang 20-bilang na kodigo, bilang halimbawa,  
12345678919876543210, at ipadala sa +61 427151515.
- Para sa India lamang: Ipasok ang Baterya at pagkatapos ay  
ang 20-bilang na kodigo ng baterya, halimbawa,  
Battery 12345678919876543210, at ipadala sa 5555.

May pambansa at pandaigdig na singil ng operator.

Dapat kang makatanggap ng mensahe na nagpapabatid kung  
ang code ay magagawang patunayan.

Kung kailangan mo ng tulong sa pagkumpirma sa kodigo ng  
baterya, makipag-ugnayan sa iyong mga lokal na Sentro ng  
Pangangalaga ng Nokia na nakalista sa [www.nokia-asia.com/  
carecentrelocator](http://www.nokia-asia.com/carecentrelocator).

## **Paano kung peke ang iyong baterya?**

Kung hindi mo makumpirma na ang iyong bateryang Nokia na may hologram sa etiketa ay isang tunay na bateryang Nokia, mangyaring huwag gagamitin ang baterya. Dalhin ito sa pinakamalapit na awtorisadong paayusan ng Nokia o sa tagapagbenta para ikaw ay matulungan. Ang paggamit ng baterya na hindi inaprubahan ng gumawa ay maaaring mapanganib at maaaring magresulta sa mahinang pagganap at pinsala sa iyong aparato at sa mga pagpapahusay. Mapapawalang-saysay din ito sa anumang pag-apruba o warranty ng kagamitan.

Upang madagdagan ang kaalaman ukol sa mga orihinal na bateryang Nokia, bisitahin ang [www.nokiaoriginals.com/battery](http://www.nokiaoriginals.com/battery).

## 6. Mga Tunay na Pagpapahusay

Maraming bagong pagpapahusay na makukuha para sa iyang telepono. Piliin ang mga pagpapahusay na tumutugon sa iyang mga mismong pangangailangang pangkomunikasyon.



Ang ilan sa mga pagpapahusay ay inilarawan nang madetalye sa ibaba.

Para malaman kung makukuha ang mga pagpapahusay, mangyaring magtanong sa iyang dealer.

Ilang praktikal na mga tuntunin tungkol sa mga accessory at pagpapahusay:

- Panatilihin ang mga accessory at pagpapahusay na hindi maaabot ng maliliit na bata.
- Kapag tinatanggal ninyo ang kurdon ng power ng anumang accessory o pagpapahusay, mahigpit na hawakan at hilahin ang plug o saksakan, hindi ang kurdon.
- Regular na tiyakin na ang mga pagpapahusay na nakakabit sa sasakyan ay wastong inilagay at tumatakbo.

## Mga Tunay na Pagpapahusay

- Ang pagkakabit ng anumang kumplikadong mga pagpapahusay ng kotse ay dapat lamang gawin ng isang kuwalipikadong tauhan.

Gamitin lamang ang mga baterya, charger at pagpapahusay na inaprubahan ng gumawa ng telepono. Ang paggamit ng ibang mga klase uri ay maaaring magpawalang-bisa sa anumang pag-apruba o garantiya sa iyong telepono, at maaaring mapanganib.

### ■ Baterya

Uri	Tech	Panahon ng pakikipag-usap *	Standby *
BL-5C	Li-ion	Hanggang 3 oras - 5 oras	Hanggang 250 oras- 320 oras

\* Ang pagkakaiba-iba sa mga oras ng pagpapatakbo ay maaaring mangyari depende sa SIM card, network at mga setting ng paggamit, istilo ng paggamit at mga kapaligiran. Ang paggamit ng FM radio at nakapaloob na hands-free ay makakaapekto sa talktime at standby.

## ■ Nokia Mobile Charger LCH-12

Ang charger na ito ay maaring gamitin sa iba't-ibang boltahe ay naisasaksak sa isang katugmang saksakan ng lighter ng sigarilyo at kinakargahan nito ang baterya ng iyong telepono.

## ■ Audio

### Headset HDC-5

Para sa madalian at simpleng pagpapaandar, ang headset na ito ay may kasamang remote control.

### Nokia Dual Headset HS-7

Ang headset na ito ay maginhawa at madaling gamitin sanhi ng kumportableng handsfree na may pindutan ng remote control para sa pagsagot at pagwawakas ng mga tawag.

## 7. Pag-aalaga at pagpapanatili

Ang iyong kagamitan ay isang produktong may superyor na disenyo at pagkakayari at dapat alagaan. Ang mga mungkahi sa ibaba ay makakatulong na protektahan ang iyong warranty coverage.

- Panatilihing tuyo ang kagamitan. Ang biglang pagbaba ng temperatura, humidity at lahat ng uri ng likido o halumigmig ay maaaring maglaman ng mga mineral na aagnas sa electric circuits. Kung mabasa ang iyong kagamitan, tanggalin ang baterya at hayaang matuyo ang kagamitan nang lubos bago ibalik ito.
- Huwag gagamitin o itatago ang kagamitan sa maalikabok, maruruming lugar. Maaaring masira ang mga gumagalaw at elektronikong bahagi nito.
- Huwag ilalagay ang kagamitan sa maiinit na lugar. Ang matataas na temperatura ay makakapagpaikli ng buhay ng mga kagamitang elektroniko, nakakasira ng mga baterya, at nakakapilipit o nakakalusaw ng mga plastik.

- Huwag ilalagay ang kagamitan sa malalamig na lugar. Kapag ang kagamitan ay bumalik sa normal na temperatura nito, maaaring mabuo ang halumigmig sa loob ng kagamitan at masira ang elektronikong circuit boards.
- Huwag tatangkaing buksan ang kagamitan sa paraang iba sa itinatagubilin sa patnubay na ito.
- Huwag ibabagsak, pupukpukin o kakalugin ang kagamitan. Ang di-maingat na paghawak ay makakasira ng panloob na circuit boards at pinong mechanics.
- Huwag gagamit ng mababagsik na kemikal, panlinis na solvents, o matatapang na detergent upang linisin ang kagamitan.
- Huwag pipintahan ang kagamitan. Ang pintura ay makakabara sa mga bahaging gumagalaw at makakapigil sa wastong paggamit.
- Gamitin lamang ang ipinagkaloob o inaprobahang pamalit na antenna. Ang mga di-awtorisadong antenna, modipikasyon o pangkabit ay makakasira sa kagamitan at maaaring lumalabag sa mga regulasyong nauukol sa mga aparatong de-radyo.

- Gamitin ang mga charger sa loob ng gusali.
- Laging gumawa ng backup ng data na gusto mong panatilihin (tulad ng mga kontak at tala ng kalendaryo) bago dalhin ang iyong kagamitan sa isang pasilidad ng serbisyo.

Ang lahat ng mungkahi sa itaas ay para sa iyong kagamitan, baterya, charger o anumang pagpapahusay. Kung ang isang kagamitan ay hindi wastong gumaganap, dalhin ito sa pinakamalapit na awtorisadong pasilidad ng serbisyo para sa serbisyo.

## 8. Karagdagang impormasyong pangkaligtasan

Ang iyong kagamitan at ang mga pagpapahusay nito ay maaaring may maliliit na bahagi. Panatilihin ang mga ito na hindi maaabot ng maliliit na bata.

### ■ Kapaligiran sa pagpapatakbo

Tandaang sundin ang anumang espesyal na mga regulasyon sa alinmang lugar, at laging patayin ang iyong kagamitan tuwing ito ay ipinagbabawal gamitin, o kapag ito ay maaaring maging sanhi ng interference o panganib. Gamitin lamang ang kagamitan sa normal na posisyon ng paggamit nito. Ang kagamitang ito ay nakakatugon sa mga patnubay sa pagkahantad sa RF kapag ginagamit sa normal na posisyon na nakasandig sa tainga o kapag nakaposisyon nang hindi kukulangin sa 2.2 centimeters (7/8 pulgada) ang layo mula sa katawan. Kapag ang isang carry case, belt clip o holder ay ginagamit para sa paggamit na suot sa katawan, hindi ito dapat magtaglay ng metal at dapat iposisyon ang produkto nang hindi kukulangin sa binanggit sa itaas na layo mula sa iyong katawan.

## Karagdagang impormasyong pangkaligtasan

Upang maghatid ng data files o mga mensahe, ang kagamitang ito ay nangangailangan ng mahusay na koneksyon sa network. Sa ilang kaso, ang paghahatid ng data files o mga mensahe ay maaaring maantala hanggang ang nasabing koneksyon ay makuha. Siguraduhin na ang mga tagubilin sa itaas tungkol sa distansiya ay sinusunod hanggang makumpleto ang paghahatid. May mga bahagi ng telepono na magnetiko. Ang mga materyal na metaliko ay maaaring maakit ng aparato. Huwag maglalagay ng credit cards o ibang magnetic storage media sa malapit sa telepono, dahil ang impormasyong nakaimbak doon ay maaaring mabura.

### ■ Mga kagamitang pang-medikal

Ang pagpapaandar ng anumang radio transmitting equipment, kabilang ang wireless phones, ay maaaring makagambala sa pagganap ng mga kagamitang medikal na hindi sapat ang proteksyon. Kumunsulta sa isang manggagamot o sa tagagawa ng kagamitang medikal upang malaman kung ang mga ito ay may sapat na pansanggalang mula sa panlabas na RF energy o kung mayroon kang mga katanungan. Patayin ang iyong kagamitan sa mga pasilidad ng pangangalagang pangkalusugan kapag may mga regulasyong nakapaskil sa mga lugar na ito na nagtatabubilin sa inyo na gawin ito. Ang mga ospital o mga

pasilidad ng pangangalagang pangkalusugan ay maaaring gumagamit ng kagamitan na sensitibo sa panlabas na RF energy.

## Mga pacemaker

Ang mga tagagawa ng pacemaker ay nagrekomenda na panatilihin ang pinakamababang layo na 6 na pulgada (15.3 cm) sa pagitan ng wireless phone at isang pacemaker upang maiwasan ang interference o pagkagambala sa pacemaker. Ang mga rekomendasyong ito ay kaayon ng independiyenteng pananaliksik ng at sariling mga rekomendasyon ng Wireless Technology Research. Ang mga taong may pacemaker ay dapat na:

- Laging pananatilihin ang aparato nang may higit sa 15.3 sentimetro (6 pulgada) ang layo mula sa pacemaker
- Huwag ilalagay ang kagamitan sa bulsa ng dibdib; at
- Hawakan ang kagamitan sa tainga na hindi katapat ng pacemaker upang mapaliit ang posibilidad ng interference o pagkagambala.

Kung nagsusupetsa kang mayroong pagkagambala, patayin ang iyong aparato, at ilayo ang aparato.

## Mga hearing aid

May aparatong digital wireless na maaaring makagambala sa ilang hearing aids. Kung magkaroon ng interference o pagkagambala, sumangguni sa iyong service provider.

## ■ Mga sasakyan

Ang RF signals ay maaaring makaapekto sa mga hindi wasto ang pagkaka-install o hindi sapat ang pananggalang na mga sistemang elektroniko sa mga sasakyang de-motor tulad ng electronic fuel injection systems, electronic antiskid (antilock) braking systems, electronic speed control systems, air bag systems. Para sa karagdagang impormasyon, itanong sa gumawa o kinatawan ng iyong sasakyan o anumang kagamitan na idinagdag.

Ang mga kuwalipikadong tauhan lamang ang dapat magserbisyo sa kagamitan, o mag-install ng kagamitan sa isang sasakyan. Ang maling pag-install o serbisyo ay maaaring mapanganib at maaaring magpawalang-bisa sa anumang garantiya na nauukol sa kagamitan. Regular na tiyakin na ang lahat ng wireless device equipment sa iyong sasakyan ay maayos na nakakabit at umaandar. Huwag mag-iimbak o magdadala ng mga likidong maaaring magsiklab, mga gas o materyal na sumasabog sa kinalalagyan ng kagamitan, ang mga bahagi nito,

o mga pagpapahusay. Para sa mga sasakyang may air bag, tandaan na ang mga air bag ay pumipintog nang may malakas na puwersa. Huwag maglalagay ng mga bagay, kabilang ang ikinabit o nabubuhat na kagamitang wireless sa lugar na nasa itaas ng air bag o sa air bag deployment area. Kung ang -kagamitang wireless sa loob ng sasakyan ay hindi tamang ikinabit at pumintog ang air bag, maaaring magresulta sa malubhang pinsala.

Ang paggamit ng iyong aparato habang lumilipad sa sasakyang pang-himpapawid ay maaaring ipinagbabawal. Patayin ang iyong kagamitan bago sumakay sa aircraft. Ang paggamit ng wireless teledevices sa isang aircraft ay maaaring mapanganib sa operasyon ng aircraft, makagagambala ng wireless telephone network at maaaring labag sa batas.

## ■ Mga kapaligirang maaaring sumabog

Patayin ang iyong telepono kapag nasa isang lugar na may atmospera na maaaring sumabog at sundin ang lahat ng tanda at tagubilin. Sa mga kapaligirang maaaring sumabog ay kabilang ang mga lugar na pangkaraniwang papayuhan ka na patayin ang makina ng iyong sasakyan. Ang mga siklab sa mga nasabing lugar ay maaaring maging sanhi ng pagsabog o sunog na nagreresulta sa pinsala sa katawan o maging ng kamatayan.

## Karagdagang impormasyong pangkaligtasan

Patayin ang kagamitan sa mga lugar na lagayan ng gatong tulad ng malapit sa mga gasolinahan at paayusan ng sasakyan. Sundin ang mga takda sa paggamit ng kagamitang de-radyo sa mga himpilan, imbakan, at lugar ng pamamahagi ng gatong, mga planta ng kemikal o kung saan may ginagawang pagpapasabog. Ang mga lugar na may kapaligirang maaaring sumabog ay madalas na hindi laging may malinaw na marka. Kabilang sa mga ito ang ilalim ng kubyerta sa mga bangka, mga pasilidad ng paglipat o pag-iimbak ng kemikal, mga sasakyang gumagamit ng liquefied petroleum gas (tulad ng propane o butane), at mga lugar kung saan ang hangin ay naglalaman ng mga kemikal o partikulo na tulad ng butil, alikabok o pulbos na metal.

### ■ Mga tawag na emergency



**Mahalaga:** Ang mga wireless na telepono, kabilang ang aparatong ito, ay tumatakbo na gumagamit ng mga radio signal, wireless network, landline network, at mga function na ang nagprograma ay ang gumagamit. Dahil dito, ang pagkunekta sa lahat ng kondisyon ay hindi maigagarantiya. Hindi ka dapat umasa lamang sa anumang wireless device para sa mahahalagang komunikasyon tulad ng mga emergency na medikal.

## Upang gumawa ng tawag na emergency:

1. Kung ang kagamitan ay nakasara, buksan ito. Tiyakin kung may sapat na lakas ng signal.  
May mga network na nag-aatas na ang isang may-bisang SIM card ay wastong ipasok sa kagamitan.
2. Pindutin ang pindutan ng tapusin kung ilang beses kailangan upang alisan ng laman ang display at ihanda ang kagamitan para sa mga tawag.
3. Ipasok ang opisyal na numero na pang-emergency para sa iyong kasalukuyang kinalalagyan. Ang emergency numbers ay nag-iiba depende sa lokasyon.
4. Pindutin ang pindutan ng tawag.

Kung may mga partikular na katangian na ginagamit, maaaring kailanganin mo muna na sarhan ang mga katangiang ito bago ka gumawa ng tawag na emergency. Sumangguni sa patnubay na ito o service provider para sa karagdagang impormasyon.

Kapag gumagawa ng tawag na emergency, tandaang ibigay nang tumpak ang lahat ng kailangang impormasyon. Ang iyong wireless na aparato ay maaaring ang tanging paraan ng komunikasyon sa pinangyarihan ng aksidente. Huwag tatapusin ang tawag hanggang sabihan ka na gawin ito.

## ■ Impormasyon sa Sertipikasyon (SAR)

ANG MODELONG ITO NG TELEPONO AY NAKAKATUGON SA MGA PANDAIGDIG NA PATNUBAY PARA SA PAGKAHANTAD SA RADIO WAVES

Ang inyong mobile phone ay isang radio transmitter at receiver. Ito ay dinisenyo at ginawa upang hindi lumampas sa mga takda para sa pagkahantad sa radio frequency (RF) na inirerekomenda ng mga pandaigdig na patnubay (ICNIRP). Ang mga limitasyong ito ay bahagi ng mga komprehensibong patnubay at nagtatatag ng mga ipinahihintulot na antas ng RF energy para sa pangkalahatang populasyon. Ang mga patnubay ay binuo ng mga independiyenteng siyentipikong organisasyon sa pamamagitan ng pana-panahon at masusing pagtimbang ng mga siyentipikong pag-aaral. Kabilang sa mga patnubay ang isang malakihang palugit na pang-kaligtasan upang masigurado ang kaligtasan ng lahat ng mga tao, maging anuman ang kanilang edad at kalagayan ng kalusugan.

Ang batayan sa pagkahantad para sa mga aparatong mobile ay gumagamit ng isang yunit ng sukatan na kung tawagin ay ang Specific Absorption Rate, o SAR. Ang limitasyon ng SAR na nakasaad sa pandaigdig na pamantayan ay 2.0 watts/kilogram  $W/kg^*$ . Ang mga pagsusuri para sa SAR ay isinasagawa na ginagamit ang batayan na posisyon sa paggamit na ang

telepono ay naghahatid sa pinakamataas na sertipikadong antas sa lahat ng sinuring frequency bands. Bagaman ang SAR ay pinagpapasiyahan sa pinakamataas na sertipikadong antas ng lakas, ang aktwal na antas ng SAR ng telepono habang umaandar ay maaaring mas mababa sa pinakamataas na halaga. Ito ay dahil sa ang telepono ay idinisenyo upang umandar sa maraming antas ng lakas upang magamit lamang ang lakas na kinakailangan upang maabot ang network. Sa pangkalahatan, mas malapit kayo sa base station antenna, mas mababa ang nagagamit na lakas.

Ang pinakamataas na halaga ng SAR para sa aparato na ito kapag sinuri para sa paggamit sa may tainga ay 0.64 W/kg.

Ang mga halaga ng SAR ay maaaring mag-iba depende sa mga iniaatas ng bansa sa pag-uulat at ng network band. Ang paggamit ng mga accessories at pagpapahusay ng aparato ay maaaring maghatid ng mga ibang halaga ng SAR. Ang karagdagang impormasyon sa SAR ay maaaring maibigay sa ilalim ng impormasyon ukol sa produkto sa [www.nokia-asia.com](http://www.nokia-asia.com).

## Karagdagang impormasyon ng pangkaligtasan

\* Ang SAR limit para sa mga mobile phone na ginagamit ng publiko ay 2.0 W/kg na naka-average sa mahigit sa 10 gramo ng tisyu ng katawan. Ang patnubay ay nagsasama ng malaking puwang na pangkaligtasan upang magbigay ng karagdagang proteksyon sa publiko at upang mag-akma para sa anumang pagkakaiba sa mga pagsukat. Ang mga halaga ng SAR ay maaaring mag-iba depende sa mga iniaatas ng bansa sa pag-uulat at ng network band. Para sa impormasyon sa SAR sa ibang mga rehiyon mangyaring tingnan ang impormasyon sa produkto sa [www.nokia.com](http://www.nokia.com).

# Indeks

## A

Alarmang orasan 28

Audio 45

## B

Baterya 44

Bumuo ng mensahe 14

## C

Calculator 32

Chat 16

Composer 34

## H

Headset HDC-5 45

Hologram ng  
pagpapatunay 39

## I

I-install ang SIM card at  
baterya 1

Ikandado ang keypad 7

Impormasyon sa Sertipikasyon  
(SAR) 56

Impormasyon sa suporta ng at

pagkontak sa Nokia xiv

Impormasyon tungkol sa  
baterya 36

uri 44

Inbox, mga naipadalang  
aytem, at mga draft 16

## K

Kalendaryo 33

Kapaligiran sa  
pagpapatakbo 49

Karagdagang impormasyong  
pangkaligtasan 49

## L

Loudspeaker 10

## M

Magsagawa at sumagot ng  
tawag 9

Magsulat ng teksto 11

Mga access code xii

Mga Extra 32

Mga function ng tawag 9

Mga kagamitang pang-medikal 50  
Mga kapaligirang maaaring sumabog 53  
Mga Kontak 18  
Mga laro 32  
Mga mensahe 13  
Mga mensaheng larawan 17  
Mga Paalala 31  
Mga pag-andar ng menu 13  
Mga pag-andar ng radyo 30  
Mga pang-bose na mensahe o voice messages 10  
Mga pindutan at piyesa 5  
Mga profile 23  
Mga sasakyan 52  
Mga serbisyo ng SIM 35  
Mga Serbisyong Pang-Network o Network Services x  
Mga setting 21  
Mga setting ng display 22  
Mga setting ng gastos 26  
Mga setting ng kanang pindutan sa pagpili 28  
Mga setting ng oras 24  
Mga setting para sa mga kontak 19  
Mga shortcut sa standby mode 6

Mga tagubilin sa pagpapatunay ng baterya ng Nokia 38  
Mga tawag na emergency 54  
Mga Tunay na Pagpapahusay 43

## **N**

Nokia Dual Headset HS-7 45  
Nokia Mobile Charger LCH-12 45

## **P**

Pag-aalaga at pagpapanatili 46  
Pagbukas at pagsara 4  
Pagkarga at pagdiskarga 36  
Pagkarga ng baterya 3  
Pagsisimula 1  
Pamalit 33  
Pangkalahatang Impormasyon xii  
Para sa iyong kaligtasan v  
Pinaghahatiang memorya xiii

## **R**

Radyo 29

## **S**

- Setting ng mensahe, mga 13
- Settings ng pagpapahusay 27
- Settings ng tawag 24
- Settings ng telepono 26
- Settings ng tone 21

## **T**

- Talaan ng tawag 20
- Tanggalin ang mga mensahe 17

## **U**

- Ukol sa iyong aparato ix